Tagalog

Vol.56 | 2026.04

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation





©Ota City

Kaganapan

## Ika-75 Ota City Children's Garden Party

Ang Ota City Children's Garden Party ay gaganapin sa 11 venue sa loob ng lungsod. Ang mga bata ay makakapag-enjoy ng mga laro, sports, atbp., at makakaranas ng iba't ibang karanasan kasama ang mga tao sa komunidad. Noong nakaraang piskal na taon, lumahok ang humigit-kumulang 50,000 katao. Nakahanda ang masasayang plano sa bawat venue. Inaasahan namin ang paglahok ng maraming mga bata at miyembro ng komunidad. Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City para sa mga venue.
Maaaring magbago ang nilalaman ng mga laro, sports, atbp.



Abril 26, 2026 (Linggo) 10:00 am - 3:00 pm
*Kung umulan, maaaring mapaaga ang oras ng pagtatapos.

Youth Health and Development Section,
Community Activities Promotion Division
☎ 03-5744-1223 Fax 03-5744-1518
Email：seishonen@city.ota.tokyo.jp

---

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

Kurso

# Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginner (1st Term)



©Ota City

Ito ay kurso para sa mga taong mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon. Matututunan mula sa hiragana at katakana hanggang sa mga simpleng pag-uusap sa 16 na beses na klase sa kabuuan.

Schedule: Mayo 18, 21, 25, 28; Hunyo 1, 4, 8, 11, 15, 18, 22, 25, 29; Hulyo 2, 6, 9 ng taong 2026 (tuwing Lunes at Huwebes)
Oras: 10:00 am - 12:00 pm
Mangyaring kumpirmahin ang website para sa mga detalye.

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo)

2,000 yen kada tao (Bayad para sa 16 na beses na kurso, textbook at mga materyales)

15 katao (Magsasagawa ng bunutan kung maraming aplikante)

Global City Ota Cooperation Association Website

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 Fax 03-6410-7982
Email：info@ota-goca.or.jp

Kurso

# Naghahanap ng mga aplikante para sa ManaViva

Ito ay isang lugar para sa mga adulto upang sila ay matutong magbasa at magsulat ng hiragana, katakana, simpleng pangungusap, at iba pang karakter sa wikang Hapon na kailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay, pati wikang pambansa, matematika, at iba pang mga pangunahing kaalaman. Mag-aral tayo kasama ang mga kasamahan at kawani.

Mga kwalipikado
- Mga naninirahan, nag-aaral, o nagtatrabaho sa Ota City na nais matuto o muling matuto ng mga pangunahing kaalaman
- Mga nasa edad na 16 taong gulang pataas na kayang makipag-usap sa wikang Hapon (Anuman ang nasyonalidad. May sistema ng pag-aalaga ng bata)

*Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa mga detalye.

Mayo 10, 2026 (Linggo) - Marso 7, 2027 (Linggo)
24 na beses sa kabuuan,
lahat sa Linggo 2:00 pm - 4:00 pm
Mangyaring kumpirmahin ang website para sa detalyadong petsa at oras.

Malaking Meeting Room sa ika-2 palapag ng Consumer Center (5-13-26 Kamata, Ota-ku)
o Meeting Room ng Ota City Office

Libre

40 katao (first come, first served)

Pumunta sa opisina o tumawag

Lifelong Learning Section,
Community Activities Promotion Division
☎ 03-5744-1443 Fax 03-5744-1518

Paunawa

# Impormasyon tungkol sa loan-type scholarship program para sa mga nag-aaral sa unibersidad atbp.

Ang Ota City ay nag-aalok ng loan-type scholarship para sa mga estudyante na may kagustuhan mag-aral, ngunit hirap ang sambahayan na magpa-aral dahil sa pinansyal na dahilan.
*Mangyaring makipag-ugnayan sa amin tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.

Huling bahagi ng Abril - unang bahagi ng Hunyo

Pambansa at pampubliko: Hanggang 35,000 yen (buwanang halaga)
Pribado: Hanggang 44,000 yen (buwanang halaga)

Dalhin ang mga kinakailangang bagay sa tanggapan ng aplikasyon o ipadala sa koreo

〒144-8621 5-13-14 Kamata, Ota-ku
Public Assistance Section,
Welfare Management Division
☎ 03-5744-1245 Fax 03-5744-1520

## Proseso Pamamaraan ng Pagsapi sa National Pension

Ang mga residenteng nasa edad na 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang na may certificate of residence sa Japan, kasama dito ang mga dayuhan, ay kailangang sumapi sa National Pension at magbayad ng insurance premium. Kung nagbabayad ka nang 10 taon o higit pa, makakatanggap ka ng pensiyon mula sa edad na 65 taong gulang.

Mayroon ding “Disability Pension” kung saan makakatanggap ng pensiyon kapag hindi na makapagtrabaho dahil sa injury o sakit, at “Survivors’ Pension” kung saan makakatanggap ng pensiyon kapag namatay ang miyembro ng pamilya na nagtatrabaho para sa pamumuhay.

Kailangang gawin ang mga proseso kapag dumating sa Japan sa unang pagkakataon o kapag umalis sa kumpanya.

Kung mahirap bayaran ang insurance premium, isagawa ang proseso para sa exemption.

Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City para sa mga detalye.

17,920 yen kada buwan (FY 2026)

- Isumite sa counter
- Ipadala sa koreo
- Mag-apply mula sa website

National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division
〒144-8621 Counter No.12, Ika-3 palapag ng 5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1214
Lunes - Biyernes 8:30 am - 5:15 pm

Japan Pension Service Ota Branch Office
〒144-8530 Ika-3 palapag ng Technoport Kamata Center Building, 2-16-1 Minami-Kamata, Ota-ku
☎ 03-3733-4141
Lunes 8:30 am - 7:00 pm
Martes - Biyernes 8:30 am - 5:15 pm
Ika-2 Sabado 9:30 am - 4:00 pm

## Proseso Pagsasauli ng mga gastusing medikal na binayaran matapos mawalan ng eligibility para sa national health insurance

Kapag nagpatingin ka sa isang institusyong medikal gamit ang iyong Ota City My Number insurance card o eligibility certificate atbp. pagkatapos mong mawalan ng eligibility para sa national health insurance sa Ota City sa kadahilanang lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, sumapi sa ibang Japanese public health insurance, nag-expire ang iyong panahon ng pananatili, atbp., hihilingin sa iyo na isauli ang gastusing medikal na binayaran ng Ota City.

Kapag sumapi ka sa ibang public health insurance, hindi awtomatikong ituturing na nawawala ang iyong national health insurance, kaya mangyaring siguraduhin magsumite ng notification of loss. Maaaring isagawa ang proseso ng notification of loss sa counter ng National Health Insurance Qualification Section, pinakamalapit na branch office, o kahit sa pamamagitan ng koreo. Para sa mga lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, ang notification of moving out ang magsisilbing notification of loss, kaya hindi na kailangan ng iba pang proseso.

Tungkol sa pagsasauli ng gastusing medikal
National Health Insurance Benefit Section, National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744-1211　Fax 03-5744-1516

Tungkol sa proseso ng pagsapi at kawalan ng national health insurance sa Ota City
National Health Insurance Qualification Section, National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744-1210　Fax 03-5744-1516



©Ota City

## Kaganapan Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)

Gaganapin ang "Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)" sa lupain ng Senzoku Pond na may magandang tanawin. Ang Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert) ay isang concert kung saan matutuwa ka sa tradisyonal na sining ng pagtatanghal ng Japan kasabay ng magandang natural na tanawin sa Senzoku Pond.
Ito ay isang kaganapan kung saan maaaring maranasan ang mahiwagang kapaligiran ng pagtatanghal gamit ang eleganteng tono, light effect atbp., kaya halina't mag-enjoy sa venue.



Mga highlight ng kaganapan sa FY 2025

May 26, 2026 (Martes) 6:30 pm - 8:00 pm
*Ikakansela kapag umulan

Kanlurang pampang ng Senzoku Pond, "Ikezuki Bridge"
2-14-15 Minami-Senzoku, Ota-ku
Access: 5 minutong paglalakad mula sa Senzokuike Station ng Tokyu Ikegami Line

Libre

Manonood nang nakatayo
(pinaplanong may mga 300 upuan at first come, first serve)

Sponsor "Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)" Executive Committee/Ota City

Cultural Arts Promotion Section, Cultural Arts Promotion Division
☎ 03-5744-1226
Fax 03-5744-1539
Email：bunka@city.ota.tokyo.jp

## Kaganapan Gaganapin ang 2026 Tokyo International Music Festival

Gaganapin ang 2026 Tokyo International Music Festival sa Ota City Residents Hall (Aprico).
Halina't tuklasan ang halina ng iba't ibang musika tulad ng jazz, pops, atbp.



Mayo 2 (Sabado), 3 (Linggo / pista opisyal), at 4 (Lunes / pista opisyal), 2026

Ota City Residents Hall (Aprico)
5-chome 37-3 Kamata, Ota-ku, Tokyo

Libre ang Mayo 2 at 3 para sa mga dayuhang residente ng Ota City.
(Mangyaring ipakita ang iyong residence card atbp. Kailangan ng paunang pagrehistro.)
(May bayad ang ilang bahagi. Mangyaring tingnan dito para sa detalye ng halaga. https://timf.jp/)

Tokyo International Music Festival Executive Committee Secretariat (co-sponsored ng Ota City)
Mangyaring tingnan dito para sa ticket, program at iba pang mga detalye.
https://timf.jp/
☎ 080-1339-7750
Email：contact@timf.jp

Ang print publication ng "Ota City Navigation" ay magtatapos sa issue na ito.
Maraming salamat sa iyong pagbabasa nito.
Patuloy kaming maghahatid ng mga nakakatulong na impormasyon sa pamumuhay sa "Ota Multicultural Square" sa hinaharap.
https://www.ota-goca.or.jp/life/

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)
▼ Multilingual Consultation Desk
▼ Ota Multicultural Square

Inilathala Ota City Community Activities Promotion Division, Community Collaboration and Multicultural Section
Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227 Fax 03-5744-1323

Posibleng makita ang back issue ▶